


# Pag-aaral sa Pamasahe at Pagsusuri sa Pagiging Patas ng Buong Sistema ng RTD

Ang RTD ay ang tagapagbigay ng pampublikong transportasyon para sa kalakhang lugar ng Denver. Bilang tugon sa feedback mula sa mga customer na mahal at nakakalito ang mga pamasahe, naglunsad ang RTD ng Pag-aaral sa Pamasahe at Pagsusuri sa Pagiging Patas ng Buong Sistema para gawing mas **patas**, **abot-kaya** at **simple** ang mga pamasahe. Tingnan ang mga pagbabagong inirerekomenda ng RTD sa mga pamasahe nito!

## Mga Rekomendasyon sa Pag-aaral sa Pamasahe

### Bagong Istruktura ng Buong Pamasahe

Ang inirerekomendang istruktura ng buong pamasahe ay **ibinababa ang pamasahe para sa lahat ng customer** at **inaalis ang mga Rehiyonal na pamasahe.**

| | MGA KASALUKUYANG BUONG PAMASAHE | | | MGA INIREREKOMENDANG BUONG PAMASAHE | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Lokal | Rehiyonal | Paliparan | Karaniwan (Lokal/Rehiyonal) | Paliparan (SkyRide/A Line) |
| **3 Oras** | $3.00 | $5.25 | $10.50 | $2.75 | $10 |
| **Isang Araw** | $6.00 | $10.50 | | $5.50 | |
| **Buwanan** | $114 | $200 | | $88 | |

- Ang isang biyahe papunta o mula sa Denver International Airport (sa A Line o SkyRide) ay magkakahalaga ng $10
- Ang lahat ng iba pang biyahe sa lugar ng serbisyo ng RTD ay magkakahalaga ng $2.75 para sa 3-Hour Pass o $5.50 para sa Day Pass
- Ang mga customer ng Monthly Pass ay makakabiyahe kahit saan, kasama ang papunta at mula sa airport, sa halagang $88

### Bagong Istruktura ng Pamasaheng May Diskuwento

Nag-aalok ang RTD ng mga pamasaheng may diskuwento para sa mga nasa hustong gulang na may edad na 65 at mas matanda, indibidwal na may mga kapansanan, tumatanggap ng Medicare at indibidwal na may mabababang kita (individuals with low incomes o "LiVE"). Ang inirerekomendang istruktura ng pamasaheng may Diskuwento ay **ibinababa ang mga pamasahe para sa mga customer na may Diskuwento** at **ipinagsasama ang lahat ng pamasahe** para **babayaran ng lahat ng nasa hustong gulang na gumagamit ng mga pamasaheng may diskuwento ang parehong presyo para sa anumang biyahe.**

| | MGA KASALUKUYANG PAMASAHENG MAY DISKUWENTO *Mga pamasahe para sa mga may edad na 65+, may mga kapansanan, tumatanggap ng Medicare / mga pamasahe ng LiVE* | | | MGA INIREREKOMENDANG PAMASAHENG MAY DISKUWENTO |
|---|---|---|---|---|
| | Lokal | Rehiyonal | Paliparan | Lokal, Rehiyonal at Airport |
| **3 Oras** | $1.50 / $1.80 | $2.60 / $3.15 | $10.50 / $6.30 | $1.35 |
| **Isang Araw** | $3.00 / $3.60 | $5.25 / $6.30 | | $2.70 |
| **Buwanan** | $57 / $68.40 | $99 / $119.70 | | $27 |



- Ang mga nasa hustong gulang na gumagamit ng mga pamasaheng may Diskuwento ay maaaring bumiyahe sa *anumang destinasyon,* kasama ang airport, para sa presyo ng pamasaheng may Diskuwento
    - Ang 3-Hour Pass ay magkakahalaga ng $1.35, at ang Day Pass ay magkakahalaga ng $2.70 (50% na diskuwento mula sa Mga buong pamasahe)
    - Ang Monthly Pass ay magkakahalaga ng $27 (70% na diskuwento mula sa Mga buong pamasahe)

## Pagpapalawig ng Programa sa Diskuwentong Batay sa Kita ng LiVE

Sa ilalim ng rekomendasyon, mas maraming customer na may mabababang kita ang magiging kwalipikado para sa diskuwento batay sa kita ng LiVE. Bilang partikular, inirerekomenda ng RTD ang:


- Pag-aalis sa kasalukuyang kinakailangan na magkaroon ng address sa loob ng mga hanggahan ng RTD
- Pagpapataas sa limitasyon sa kita ng sambahayan para sa kwalipikasyon sa diskuwento sa LiVE. Sa ilalim ng bagong rekomendasyon, ang isang pamilya ng apat na tao ay maaaring may kita ng sambahayan na $75,000 o mas mababa at magiging kwalipikado sa diskuwento para sa LiVE

Magiging kwalipikado rin ang mga customer ng Access-a-Ride para sa diskuwento sa LiVE sa mga pamasahe sa Access-a-Ride.

## Mga Programa para sa Kabataan at Mag-aaral

Ginagawa din ng rekomendasyon na mas abot-kaya ang transportasyon para sa kabataan at mga mag-aaral.

- Libre nang sumasakay ang mga batang may edad na 5 o mas bata na kasama ng isang nagbabayad na nasa hustong gulang (limitado sa 3 bata para sa bawat nasa hustong gulang)
- Ang kabataang may edad na 19 at mas bata ay makakasakay nang libre sa ilalum ng isang taon na programa sa pagsubok ng Zero Fares for Youth
- Ang mga mag-aaral na nakikilahok sa mga community college, teknikal na paaralan o iba pang kolehiyo at unibesidad na hindi naka-enroll sa CollegePass ay magiging kwalipikado para sa $70 kada buwan na SemesterPass



## Gusto mo bang gawing opisyal ng RTD ang mga rekomendasyong ito?

Ibahagi ang iyong mga opinyon sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa dani.mclean@rtd-denver.com bago lumipas ang Mayo 22, o alamin ang higit pa sa pamamagitan ng pagdalo ng event o pagbisita sa farefeedback.rtd-denver.com. **Mayroong mga serbisyo sa pagsasalin at interpretasyon kapag hiniling.**